# Nakatagpo ko si Abraham sa gabi na nagpalakbay sa akin [sa langit] saka nagsabi ito: O Muḥammad, bigkasin mo sa kalipunan mo mula sa akin ang pagbati at ipabatid mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa, matamis ang tubig,

Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nakatagpo ko si Abraham sa gabi na nagpalakbay sa akin [sa langit] saka nagsabi ito: O Muḥammad, bigkasin mo sa kalipunan mo mula sa akin ang pagbati at ipabatid mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa, matamis ang tubig, na ito ay malalawak na kapatagan, na ang mga pananim nito ay Subḥāna -llāh, Alḥamdu lillāh, Lā ilāha illa -llāhu, at Allāhu akbar. (Napakamaluwalhati ni Allāh, Ang papuri ay ukol kay Allāh, Walang Diyos kundi si Allāh, at Si Allāh ay Pinakadakila.)"}

[Maganda dahil sa mga patotoo nito] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagpapabatid ang Propeta (s) na siya ay nakatagpo kay Abraham na matalik na kaibigan ni Allah (sumakanya ang pangangalaga) sa gabi ng pagpapalakbay at pag-akyat [sa langit] saka nagsabi ito: "O Muḥammad, ipaabot mo sa kalipunan mo mula sa akin ang pagbati at ipaalam mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa, matamis ang tubig na walang kaalatan dito, na ang Paraiso ay malawak na kapatagang walang mga puno, na ang mga tanim nito ay ang mga kaaya-ayang pangungusap, na mga maayos na matitira: Subḥāna --llāh, Alḥamdu lillāh, Lā ilāha illa -llāhu, at Allāhu akbar (Napakamaluwalhati ni Allāh, Ang papuri ay ukol kay Allāh, Walang Diyos kundi si Allāh, at Si Allāh ay Pinakadakila). Sa tuwing nagsabi ng mga ito ang Muslim at nag-ulit-ulit siya ng mga ito, may itatanim para sa kanya na isang tanim sa Paraiso."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee